BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
domzcaoile@yahoo.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 2 NO. 50 10.00 SEPTEMBER 9 - 15, 2024

## Kapakanang Pilipino lagi sa puso at isip ni Sen. Tol



REVANZE

## Bacoor Assembly of 1898 Act passes Senate 3rd and final reading

See Page 2

# Imee Marcos: Gusto nyo ng gulo; Impeach Inday Sara

Sa mga kongresistang gigil na gigil na magsampa ng impeachment case laban kay Vice President Sara 'Inday Sara' Duterte, maghunos-dili kayo.

Ipinayo ito ni Senator Imee Marcos na sinabi na ang anomang kilos para sampahan ng kasong impeachment laban kay Inday Sara ay naghahanap ng gulo.

Sabi pa ni Marcos, 'wag sanang tangkain ng mga kongresista na paglaruan ang Demokrasya.

Hindi biro ang mahigit sa 31 milyong boto at tiwalang ibinigay ng taumbayan kay Duterte noong 2022 elections.

Kabastusan ito, sabi pa ni Imee, kung itutuloy ng Kamara ang matagal nang alingasngas na nais patalsikin si Inday Sara -- ang tanging opisyal ng pamahalaan may mandato, utos at karapatang humalili sa Pangulo sa mga dahilang binabanggit ng Konstitusyon.

"Ang mga hakbang na ito ay kabastusan sa pasya ng bayan at resulta ng eleksyon; isang panghahamak sa boses at karapatan ng sambayanan sa pagpili ng kanilang lider," sabi ng senadora sa kanyang Facebook page.

Ipinaalala pa ng panganay na kapatid ni President Bongbong Marcos na aanihin ng mga kongresistang ant-Duterte ang posibleng galit ng taumbayan.

"Alalahanin ninyo ang tagumpay na naitala ng kanyang boto ay ang pinakamalaki sa kasaysayan," sabi ni Imee Marcos.

Kung gagawing magsampa ng kasong impeachment ang Kamara, sinabi ni Imee, "Naghahanap kayo ng gulo upang hatin ang bayan – na may napakaraming problema sa kasalukuyan?"



## Serbisyo muna sa tao: Encabo

BUSISIIN NATIN



## Resibo ng Kongreso, asan na?



AY, BUHAY

## Lamang-dagat mula sa Rosario, ligtas nang kainin

See page 2

## 'Amin Si Guo': Sen. Tolentino

see P.5

## Cavite PCPC council members explore best practices of Laguna

SEE PAGE 4






## Tara sa MIBF 2024!

Magkakaloob ng deskuwento at munting regalo ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa Manila International Book Fair (MIBF) 2024 na gaganapin sa SMX Convention Center Manila, MOA Complex, Lungsod Pasay.

Ang booth ng KWF ay nasa 2/F Function Hall, Booth No. 2-92.

Higit 60 aklat ang mapagpipilian ng mga mamimili sa lumalaking koleksiyon ng KWF Aklat ng Bayan mula sa mga sangguniang aklat sa panitikan at kulturang Filipino, mga saliksik, isinaling klasikong akda, at iba pang babasahin.

## PhilHealth outpatient program inilunsad sa Quezon

see P.2

# Bacoor Assembly of 1898 Act passes Senate 3rd and final reading

Cavite second District Representative Lani Mercado-Revilla lauded the Senate's passage on the third and final reading of the proposed Bacoor Assembly of 1898 Act.

In 2013, Rep. Mercado-Revilla filed House Bill 7896, An Act Declaring August 1 of Every Year A Special Working Holiday to be known as the "Promulgation of the Solemn Declaration of Philippine Independence."

The Act is waitig for the signature of President Bongbong Marcos to become law.

"Itinuturing natin itong isang makasaysayang pagkilala para sa ating lungsod. We are thankful for the support of the Senate, from the deliberations to the approval of our bill," Cong. Lani said.

She added that by formally recognizing the City of Bacoor's contribution to our national history,"We are not only honoring our past but also educating future generations about the importance of preserving our heritage."

"During my time as mayor of the City of Bacoor, credible references came to light about what had transpired at the Bacoor Assembly in 1898. It was former Prime Minister Cesar E.A. Virata, now chairman of the Cavite Historical Society, who first brought this to our attention," Mercado-Revilla said.

Historical documents indicate that on August 1, 1898, then-President Emilio Aguinaldo signed the Act of Independence written by Apolinario Mabini.

This was also signed by about 200 elected municipal leaders from 16 liberated provinces, and subscribed to by the Interior Secretary Leandro Ibarra.

According to historians, the earlier declaration made on June 12, 1898, contained the word "protectorate," which would mean that the Philippines would become a protectorate of the United States of America.

It was for this reason that Aguinaldo did not want to sign this proclamation.

"It is not our objective to diminish the importance of June 12, the anniversary of Philippine independence. We aim for the City of Bacoor to be recognized as part of one of the most important events in the history of our independence," Mercado-Revilla explained.



Cavite 2nd District Rep. Lani Mercado-Revilla

Under Mercado-Revilla's mayoral term, the City Tourism Development Office also published the book Proclamation: Philippine Independence: The Truth About August 1, 1898 Bacoor Assembly, A Historiographical Inquiry. The book was authored by Dr. Emmanuel Calairo, president of the Cavite Historical Society.

The House of Representatives approved a similar measure in May 2023.

# PhilHealth outpatient program inilunsad sa Quezon





Dr. Edwin Oriña

Tayabas City – Inilunsad noong Martes, Setyembre 10 ng Philippine Health Insurance Corporation-Calabarzon (PhilHealth-4A) sa programa nitong Primary Care Provider Network (PCPN) sa 49 rural health units (RHUs) sa lalawighan ng Quezon.

Sa ginanap na "Kapihan sa Bagong Pilipinas" forum sa St. Jude Hotel and Event Center sa lungsod na ito, masayang ibinalita ni Dr. Edwin Oriña, acting regional vice president of PhilHealth, ang programang "Konsultasyong Sulit at Tama," (Konsulta) na layuning maghatid ng mahusay na serbisyong medikal sa pamamagitan ng PCPN.

Nais ng PCPN na maserbisyuhan ang 490,000 tao sa lahat ng 49 RHUs ng probinsiya.

Sa programa, magbibigay ng kumpletong serbisyong medikal ang PCPN sa mga outpatiens, ayon sa mandato ng Universal Health Care Law, sabi ni Dr. Orina.

Bukod sa konsultasyon, magbibigay rin sa mga pasyente ng serbisyong health risk screenings, assessments, laboratory at diagnostic tests, at magbibigay ng mga gamot.

Sa serbisyo ng PCPN ang pasyente ay agad-agad na aasikasuhin at hindi na kailangang antayin pang maayos ang bayarin sa pagpapagamot.

Binanggit din ni Dr. Oriña ang paglikha ng isang a Health Care Provider Network (HCPN) para sa mga pasyenteng gagamutin sa mga publiko at prinadong ospital.

Tiniyak niya na sa HCPN ang pasyente ay tatanggap ng r Guaranteed Accessible Medication for Outpatient Treatment.

Itatayo ang HCPN sa Quezon bago matapos ang 2024, at ito ay itatayo rin sa Laguna sa 2025./ Janelle Villanueva, Janeth Bilbao

# Lamang-dagat mula sa Rosario, ligtas nang kainin

Cavite -- Upang maipakita na ligtas nang kainin ang mga lamang-dagat buhat sa bayan ng Rosario, nagsagawa ng isang boodle fight noong Martes, Sept. 10, na pinangunahan ni Vice Mayor Bamm Gonzales.

Ginanap ang boodle fight sa Rosario Fishport na nilahukan ng iba't ibang samahan ng mangingisda, samahan ng mga nagtitinda at naglalako ng isda, mga Kapitan ng Barangay, Salinas Gay Association (SAGA) at ng lokal na pamahalaan.

Isa ang Rosario at ang mga mangingisda nito ang labis na napinsala sa pagkalat ng langis mula sa lumubog na fuel tanker na MT Terranova sa Bataan noong Hulyo 25, 2024.

Sa paglubog ng tanker, kumalat sa karagatan ng Cavite ang karga nitong 1.5 milyon na litro ng industrial oil na sinundan pa ng pagsalpok, kamakailan ng isang barge sa pantalan sa kasagsagan ng bagyong Enteng.

Sa boodle fight -- na malugod na sinuportahan ni Mayor Voltaire Ricafrente -- ay naipakita ni VM Bamm Gonzales na ligtas nang kainin ang mga lamang-dagat buhat sa Rosario.

Isa si Daisy Narvaez na may-ari ng isang consignation sa fishport ang nakilahok sa sabayang kainan upang ipakita sa lahat ng mamimili na ang kanilang panindang mga isda at alimasag at iba pang lamang-dagat ay ligtas nang kainin.

Layunin sa ginawang sabayang kainan na palakasin ang ugnayang pangkabuhayan ng bawat mamamayan.

Kabilang sa mga putaheng inihain na masayang pinagsaluhan ay ang masarap na pritong tilapia, tuna belly, adobong tulingan, hipon, alimasag, tahong, kabayas, alumahan, albakora, bakoko, saging, sweet and sour na isda, at paksiw na lawlaw.

Ibinahagi rin ni Mike Concha, chairman ng Municipal Fisheries and Aquatic Resources Management Council ang pagtiyak sa mamamayan na hindi na kailangang mag-alinlangan sa pagbili at pagkain sa mga produktong buhat sa dagat ng Rosario.

Hinikayat naman ni i Nhel Argem Abutin, pangulo ng SAGA ang lahat na tangkilikin ang iba't ibang produkto mula sa Rosario Fishport.

Ang masasarap na putahe sa ginanap na boodle fight ay inilatag sa



Mayor Voltaire Ricafrente

dahon ng saging sa mahabang dalawang linya ng mga hapag kainan.

Sa sabayang kainan, walang kubyertos o pinggan sa halip, ang gamit lamang ang kanilang mga kamay.

Pangingisda ang pangunahing hanapbuhay ng mga taga-Rosario -- ang bayan na ito na tanyag at kilala bilang "Tinapang Salinas Capital of the Philippines."/SID SAMANIEGO











# Serbisyo muna sa tao: Encabo





BUSISIIN NATIN

★ Tom Halim

Serbisyong mabilis, maasahan at makataong lingkod-bayan.

Lagi na, una ang tao kay dating Dasmarinas City vice mayor at Cavite Dist. 4 provincial board member, Valeriano 'Vale' Encabo.

Ganyan po si Vale ang kaloob ay serrbisyong masisiyahan kayo -- Single Parents bigyan ng pangkabuhaya; bitamina at maintenance medicines upang lumakas ang mga senior citizens.

Suporta at maayos na pamamalakad at insentibo upang mas maparami pa ang investment sa siyudad at kasunod nito, ang pagyabong, paglakas ng ekonomya ng Dasmarinas.

Scholarship program sa mga kabataang kapos sa pinansiya sa pag-aaral upang makatapos ng kurso na magbibigay ng talino, kumpiyansa na makamit ang mga pinapangarap na magandang kinabukasan ng sarili at ng pamilya.

At para kay Encabo, ang serbisyo sa mamamayan ay hindi dapat na sinasabayan ng negosyo, at ang maagap na tugon at solusyon sa hinaing, problema at naisin ng mga kababayang Dasmarinenos.

Ang kanyang islogan: Basta't kay Encabo giginhawa tayo.

@@@

May halalan man o wala, isa sa di-magandang ugali ng politiko ay ang pamemersonal sa mga katunggali, may eleksiyon man o walang halalan.

Nasa isip nila, hindi serbisyo, personal ang lahat, kailanman ay hindi makakahingi ng tulong ang kagalit sa politika.

Uso at kalakaran na, isa nang kultura ang ugaling sipsip at kapit-tuko sa kanilang big boss, at kahit negosyong pilipit kumakapit.


Hindi na iniintindi kung magmaghirap ang kanilang mga kababayan, mahalaga ay magkamal ng salapi at ang negosyo nila ay maging boom na boom.

Nakakaawa rin ang mga empleyadong tumanda na sa trabaho pero hindi makatanggap ng promotion dahil walang kapit, walang malakas na backer, kahit pa outstanding at matapat sa tungkulin at pananagutan sa pamahalaan.

Kailan kaya mabubura ang ganitong padrino system at nepotismo na ang laging may ganansiya at pribilehiyo ay para lamang sa kapartido, kaanak at mga alipores.

Ang ganitong kalakaran ang dapat nang burahin sa pamamagitan ng pagkakaisa; panahon na mabigyan ng pagkakataon makapamili ang bawat isa sa atin ng taong maglilingkod nang tapat at pantay-pantay ang pagtingin sa ating mamamayan.

@@@




Ang librong ito ay isa sa pinagsikapan maipamahagi sa mga Barangay opisyal ni Dasmariñas City Councilor Rudy Lara para maging gabay ng mga Barangay Chairman at ng mga Kagawad, lalo na ang may hawak sa Committee on Peace and Order, pati ng anga Lupon Tagapamayapa.

Isa itong handbook para sa lahat ng naglilingkod sa barangay nang madagdagan ang kanilang kaalaman sa implementing rules and regulatios (IRRs) ng Local Goverment Code of 1991.

@@@



Sa larawang ito, makikita ang mga taong nangangarap na magkaroon ng sariling bahay, at sila ay binigyan ng form upang magkaroon ng pagkakataon na maka-avail ng murang pabahay program ng gobyerno.

Ang aktibidad ay pinangunahan ni Barangay Captain Chris Igle Maya at ang aplikante ay isa-isang kinakausap o para ipaliwanag ang mga dokumento, at mga kailangan pang requirements para ma-qualify sa social housing program ng pamahalaan.

Ayon kay Kap Maya, isa sa priority niya ay matulungan ang mga kababayan na maka-avail ng sariling bahay, lalo na 'yung mga informal settlers at nakatira sa mga tabing-ilog.

@@@




LETTER TO THE EDITORS

# Asan ang trilyong pisong invest-ment pledges?

NOONG 3rd SONA, wala po akong narinig na may binanggit si President Ferdinand Marcos, Jr. tungkol sa ipinagmamalaking P3.94 trillion na investment plegdes mula sa maraming foreign trips noong 2022.

Pagmamalaki pa ng Presidential Communications Office (PCO)-- teka, sabi ni PBBM kay new Communications Sec Cesar Chavez, "Just tell the truth," kaya ang tanong natin, asan na ang concrete samples of the so-called trillion peso pledges ng mga kinausap ng pangulo na investors.

Then PCO Sec. Cheloy Garafil ay ipinagmalaki sa isang social post na magbubunga raw ng 200,000 trabaho ang mga pledges, at ako na isang OFW, tuwang-tuwa.

Imagine, libo-libong college graduates kada taon at mga skilled workder at tambay na may pinag-aralan ang magkakatrabaho.

Magma- 'materialize' na ang mga pangakong investment at ito ang listahan ng nakuhang investment pledgses ni PBBM, basahin natin.

- Indonesia (Sept. 4-6, 2022)- P426,144,418,830; -- Singapore (Sept. 6-7, 2022)- P356,284,812,000; -- US (Sept. 18-24, 2022)- P211,651,047,046;

-- Thailand (Nov 16-19, 2022)- P251,687,436,000; -- Belgium (Dec. 11-14, 2022)- P119,595,114,340; -- The Netherlands (Dec. 15-17, 2022) - P367,866,247,502; --China (Jan. 3-5, 2023) - P1,384,416,201,168; -- Japan (Feb. 8-12, 2023) - P721,320,600,000, at -- US (Apr. 30 - May 4, 2023) - P73,794,426,552;

-- Malaysia (July 25-27, 2023) - P15,813,567,000; -- Indonesia (Sept. 5-7, 2023) - P1,220,696,400; at --Singapore (Sept. 14-17, 2023) - P11,000,000,000.

Mayroon din daw na pledges mula sa pagbisita ni PBBM sa Switzerland (Enero) Indonesia (Mayo) at Cambodia noong 2023.

Sa loob ng isang taon, nailista na may 16 na lakbay ibang bansa ang Pangulo.

Tanong ko po: mayroon na po bang nagkatotoo sa mga pledges na ito?

Kasi, ayon sa Philippine Statistics Authority, mayroong 1.26 milyong Pinoy ang jobless o tambay lang.

Sana po masagot ito ng PCO o ng Palasyo.

Hanggang ngayon, walang inilalabas ang gobyerno kung magkanong buwis ng taumbayan ang nagastos sa foreign trips ng Pangulo.

Asan ang transparency ng gobyerno natin?

Cerilio T., Panapaan 7,
Bacoor City, at Manila

(Thanks Cerillo for your lettyer. Sa mga nais magpadala ng kanilang PRs, letters, reklamo o anumang concerns, send po nyo sa taparaneliseo @gmail.com o sa domz caoile@yahoo.com -- ET)

BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

HENRY E. CAOILE
*Founder*

DOMZ B. CAOILE
*Publisher*

ELI TAPARAN II
*Editorial Consultant*

ADELA R. ZAMORA
*Special Projects Director*

JANETH W. BILBAO
*Circulation Manager*

GENE T. TAN
*Chief of Reporters*

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com
bantaybalitanews59@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369
ISSN No. 2984-8563

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*








# Bong Go namahagi ng tulong sa mga nasunugan

Bacoor City -- Bukod sa pakikiramay, nagdala ng mga tulong si Sen. Bong Go sa mga biktima ng sunog na naganap sa Barangay Longos, Zapote 3, kamakailan -- na ayon report, walong (8) tao ang nagdanas ng matinding paso at sugat sa kanilang katawan.

"Pagpasensiyahan po nyo ang konting nakayanan kong tulong sa inyo. Huwag ho kayong mawalan ng pag-asa, naririto po kami, nandito po ang inyong Mayor Strike (Revilla), ang city government na handang tumulong sa inyo," sabi ni Sen. Bong Go.

Samantala sa kanyang Facebook page, Set. 12, nanawagan si Sen. Ramon 'Bong'. Bong Revilla ng tulong sa mga kababayan sa Cavite na biktima ng sunog

Katulong ang kanyang Malasakit Team, namahagi ng humigit-kumulang sa 1,000 grocery bags, water jugs at cash si Sen. Go sa Square Mall, Molino Blvd., lungsod na ito.

Nabatid ng BantayBalita na tumutulong ngayon ang Malasakit Team ni Sen. Bong Go sa mga kuwalipikadong mabigyan ng pabahay sa pamamagitan ng emergency housing assistance program ng National Housing Authority (NHA).

Nauna nang nagkaloob ng tulong sa mga biktima ng sunog sina Sen. Bong Revilla, Congressman Lani Mercado Revilla at Agimat Partylist Rep. Bryan Revilla.

Nabatid ng BantayBalita na ang mga nasaktan sa sunog ay ginagamot ngayon sa tulong ni Mayor Revilla sa Soluthern Tagalog Regional Hospital sa Bacoor. /BB News Desk

# Resibo ng Kongreso, asan na?



AY, BUHAY

★ Liza Fe BONETE



Mabusisi, with apologies kay Sir Tom Halim, ang mga kongresista sa budget proposal ni VP Inday Sara Duterte, pero teka, bakit, maitanong ko lang, may komite po ba o ahensiya na bumubusisi sa buong pondo ng bawat kongresistas.

Di po ba ang public office is a public trust?

Akala ko ba, may transparency ang high and mighty lawmakers sa kanilang paghawak ng pera ng taumbayan.

Ang mga kongresista ba ay nagsa-submit ng kanilang resibo, ebidensiya at mga dokumento at accomplishment kung saan, kanino at paano nila ginagastos ang multi-million pesos na pork barrel, confidential at intelligence funds.

Wala akong nakita o nabasa na binubusisi nila ang kanilang mga budget proposal, pakisagot nga po, congresspeople,at Honorable Speaker Martin Romualdez.

Nabanggit ito kasi ito ang latest news, nagdesisyon na ang House of Romualdez na tapyasan ang badyet ng OVP ng 70% -- na ito ayo pambayad lansa staff salaries, allowances at iba.

Kung mangyayari na 70% ang mawawala, maliwanag, binalian na ng Kamara ng pakpak, paa at tuka -- kung sa isang ibong agila -- si Vice President Inday Sara Duterte.

Pag may humingi ng tulong, gamot, relief goods, at iba pang serbisyo, walang maibibigay sa pamilyang Pilipino ang OVP.

Wala na ang iskorsip. livelihood at iba pang social services.

Sa ulat ng GMA news, Sept. 12, House budget committee recommends a P1.30-billion cut on the 2025 budget of the Office of the Vice President, reducing it to P733-million from the original Department of Budget Management (DBM) recommendation of P2.03-billion

Noong DepEd secretary si Inday, saglit lang inokeyan ang 2023 at 2024 budget ni Inday, kasi, kakampi pa, pero ngayong umaalma na si VP, kaaway na kaya kailangang politikahin na, pilayan na kasi sobrang matunog ang pangalan na posibleng manalong pangulo sa 2028.

'Yung mga solo parents, seniors, PWD na hihingi ng tulong, kawawa naman, kasi walang badyet si VP, pero ang mga partylist, district representatives, may badyet sila, may intel, confi at may pork barrel pa.

Wow, at ang sabi ni Zaldy Co na may hawak ng kaban ng bayan sa Kamara, hindi kailangan ni VP Inday ang pondo kasi ang mga social services nito ay ginagawa na raw ng iba pang agency ng gobyerno at ng LGU.

Iba ang tingin ko rito, nilulumpo niya ang OVP na makapagsilbi sa publiko; political vendetta ito kay Inday at ang pagkakait ng pondo sa kanya ay patotoo na walang pakialam ang House of Romualdez sa kapakanan ng taumbayan, pinakamarami ay mahihirap at walang-wala sa buhay.

Horrorables kayo, Zaldy Co na sa expose ni Senator Joel Villanueva, kayo raw Rep. Co ay maraming kaso, anomalya at itinulad kayo kay Dracula na ginawang tagabantay ng bloodbank!

Totoo bang kayo, Zaldy Co ay bantay-salakay sa pera ng bayan, ayon sa pagbubulgar din ni VP Sara, at kayo lang ni Speaker Romualdez ang nagmamanipula kung saan, paano at kailan ibibigay ang pondo para sa serbisyong bayan?

# Cavite PCPC council members explore best practices of Laguna

Trece Martires City, Cavite (PIA) - Members of the Cavite Provincial Council for the Protection of Children (PCPC) recently embarked on a Lakbay-Aral to the province of Laguna to learn and adopt best practices for enhancing child protection programs in the province.

The Lakbay-Aral included a series of discussions and presentations on Laguna's progressive strategies in child protection and welfare.

Members of the Cavite PCPC gained insights into how the Laguna PCPC effectively implements child-friendly programs, manages resources, and collaborates with various sectors to ensure children's rights and safety are prioritized.

The council members also visited Bahay Pag-asa, a rehabilitation center for children in conflict with the law.

They gave them an in-depth understanding of how the center provides holistic care, rehabilitation, and reintegration programs for the youth.

The experience at Bahay Pag-asa inspired the council to explore the possibility of replicating the same model in the province, fostering a nurturing and supportive environment for children in need of guidance.

Members of the Cavite PCPC were warmly welcomed by Ms. Lucila Almeda, the Provincial Social Welfare Development Officer of Laguna, together with Ms. Niña Yasoña, Laguna PCPC focal person, and other staff.

It set the tone for a productive day of knowledge-sharing and collaboration which emphasized the importance of sharing best practices in child protection to ensure the continuous development of programs that promote children's rights and well-being across provinces.

The productive learning exchange marks a crucial step in strengthening child protection initiatives, aligning to create safer, more nurturing environments for children across the province./with Mr J.PATULOT



# 'Amin Si Guo': Sen. Tolentino

Nananatiling valid ang arrest warrant ng Senado, iginiit ni Senate Majority Leader Francis 'Tol' Toolentino at walang hurisdiksyon ang Regional Trial Court (RTC) ng Capas, Tarlac sa mga kasong graft laban kay dating Bamban, Tarlac Mayor Alice Guo.

Sa plenaryo noong Martes, Set. 10, binanggit ni Tolentino ang transmittal sheet mula sa Office of the Ombudsman sa Executive Clerk of Court ng Third Judicial Region sa Capas, Tarlac.

May petsang Agosto 29, 2024 ang dokumentong may pirma si Assistant Ombudsman Rex Reynaldo Sandoval ay nanawagan para sa mabilis na referral ng kaso ni Guo sa ibang jufdicial region, alinsunod sa Office of the Court Administrator's (OCA) Circular No. 10-2024 at Republic Act 10660.

Ayon kay Tolentino, batay sa dolumento, walang jurisdiction ang Capas Tarlac RTC, at at binibigyan ng ng poder ang Executive Judge na pumili ng pinakamalapit na judicial region.



dating Mayor Alice Guo

Paliwanag pa ni Tolentino, nilabag ng Capas RTC Branch 109 ang Section 2 ng RA 10660, na sinasabi na ang mga kaso na sangkot ang mga opisyal ng gobyerno ay dapat litisin sa isang judicial region, maliban lang kung nanunungkulan pa ang kinasuhang opisyal.

Dahil si Guo ay alkalde ng Bamban, na nasa loob ng parehong judicial region, ang Capas RTC ay walang awtoridad na mag-isyu ng warrant of arrest.

"I am stressing this, Mr. President, to highlight again that as of today, the Senate's warrant of arrest should be considered as the only valid warrant of arrest in existence today,"sabi pa ni Tolentino, na pinanindigang si Guo ay nasa hurisdiksyon ng Senado./JANETH W. BILBAO

## AFFIDAVIT OF SELF- ADJUDICATION OF ESTATE OF HERMINIGILDO VIDA WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **HERMINIGILDO VIDA** WHO DIED ON JANUARY 01, 2007 AT TAGAYTAY CITY LEFT A PARCEL OF LAND DESCRIBED AS FOLLOWS TAX DECLARATION NO. AA-14 0013 00751 SITUATED AT ASIS 2, MENDEZ, CAVITE CONTAINING AN AREA OF ONE THOUSAND ONE HUNDRED THIRTY THREE (1,133) SQUARE METERS AND TAX DECLARATION NO. AA- 14 0013-00166 SITUATED IN ASIS 2, MENDEZ, CAVITE CONTAINING AN AREA OF NINE HUNDRED FIFTEEN (915) SQUARE METERS EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO UNDER DOC. NO. 22 PAGE NO. 5 BOOK NO. 171 SERIES OF 2024 NOTARIZED DATE: AUGUST 29, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 9, 16 & 23, 2024**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE SPOUSES VITALIANO LOMAT HERRERA AND MAGDALENA ARCENA ANTIPALA

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **SPOUSES VITALIANO HERRERA AND MAGDALENA ANTIPALA** WHO DIED ON DECEMBER 24, 2008 AND FEBRUARY 1, 1975 LEFT A PARCEL OF LAND COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 663666 SITUATED IN THE MUNICIPALITY OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE CONTAINING AN AREA OF FOURTEEN THOUSAND TWO HUNDRED TWO (14,202) SQUARE METERS EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. GLEN ARCHIBALD A. VARGAS UNDER DOC. NO. 256 PAGE NO. 52 BOOK NO. III SERIES OF 2024 NOTARIZED DATE: SEPTEMBER 9, 2024.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 9, 16 & 23, 2024**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF AVELINA PURIFICACION MANIMBAO

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **AVELINA PURIFICATION MANIMBAO,** WHO DIED ON JUNE 30, 2018 AT THE CITY OF DASMARIÑAS CAVITE LEFT A PARCEL OF LAND SITUATED IN THE BRGY. OF BUROL, DASMARIÑAS, CAVITE UNDER TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-1254309 ( DECLARED FOR TAXATION PURPOSES UNDER TAX DECLARATION NO. 2370024000948 ) CONTAINING AN AREA OF SEVENTEEN THOUSAND SEVEN HUNDRED EIGHTY (17,780) SQUARE METERS EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO UNDER DOC.NO. 454 PAGE NO. 91 BOOK NO. 170 SERIES OF 2024 NOTARIZED DATE: AUGUST 22, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**AUGUST 26, SEPTEMBER 2 & 9, 2024**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF DECEASED PERSON SPOUSES MANUEL G. JOSE AND ESTER M. JOSE WITH WAIVER OF RIGHTS

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **SPOUSES MANUEL GOMEZ JOSE** WHO DIED ON JUNE 21, 2004 AT SILANG, CAVITE AND **ESTER MARAVILLA JOSE** WHO DIED ON DECEMBER 9, 2011 AT DASMARIÑAS, CAVITE LEFT A PARCEL OF LAND COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-908013 SITUATED IN THE BRGY. OF SAN AGUSTIN, MUNICIPALITY OF DASMARIÑAS, PROVINCE OF CAVITE CONTAINING AN AREA OF ONE HUNDRED TWENTY (120) SQUARE METERS, EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO UNDER DOC. NO. 487 PAGE NO. 98 BOOK NO. 169 SERIES OF 2024 NOTARIZED DATE: AUGUST 5, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 2, 9 & 16, 2024**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE DECEASED PERSON: PURISIMO MATEO SANTOS WITH RENUNCIATION OF RIGHTS

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **PURISIMO MATEO SANTOS** WHO DIED ON APRIL 28, 2013 AT ERMITA, MANILA LEFT A PARCEL OF LAND DESCRIBED AS FOLLOWS TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-465044 SITUATED IN THE BO. OF BACLARAN, MUNICIPALITY OF CABUYAO, PROVINCE OF LAGUNA. CONTAINING AN AREA OF ONE HUNDRED FORTY (140) SQUARE METERS TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-758494 SITUATED IN BRGY. MAMATID, MUNICIPALITY OF CABUYAO, PROVINCE OF LAGUNA, CONTAINING AN AREA OF SIXTY THREE (63) SQUARE METERS TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 758493 SITUATED IN THE BRGY. OF MAMATID, MUNICIPALITY OF CABUYAO PROVINCE OF LAGUNA, CONTAINING AN AREA OF SIXTY THREE (63) SQUARE METERS EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. GLEN ARCHIBALD A. VARGAS UNDER DOC. NO. 143 PAGE NO. 29 BOOK NO. III SERIES OF 2024 NOTARIZED DATE: AUGUST 22, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**AUGUST 26, SEPTEMBER 2 & 9, 2024**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE SPOUSES FERNANDO ANTONIO CORPUS AND FELIPA SANCHEZ CORPUS

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **SPOUSES FERNANDO ANTONIO CORPUS AND FELIPA SANCHEZ CORPUS** WHO DIED ON FEBRUARY 8, 1970 AND DECEMBER 15, 1975 LEFT A PARCEL OF LAND DESCRIBED AS FOLLOWS TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. (T-5107) RT-10830 SITUATED IN THE MUNICIPALITY OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE CONTAINING AN AREA OF TWENTY THOUSAND FOUR HUNDRED NINETY EIGHT (20,498) SQUARE METERS TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-80620 SITUATED IN THE MUNICIPALITY OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE CONTAINING AN AREA OF TEN THOUSAND ONE HUNDRED SEVEN (10,107) SQUARE METERS TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-80621 SITUATED IN THE MUNICIPALITY OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE CONTAINING AN AREA OF SEVENTEEN THOUSAND EIGHT HUNDRED FORTY-TWO (17,842) SQUARE METERS TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-80622 SITUATED IN THE MUNICIPALITY OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE CONTAINING AN AREA OF ELEVEN THOUSAND EIGHTY (11,080) SQUARE METERS TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. RT-10832 SITUATED IN THE MUNICIPALITY OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE CONTAINING AN AREA OF THIRTEEN THOUSAND FOUR HUNDRED ELEVEN (13,411) SQUARE METERS EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. GLEN ARCHIBALD A. VARGAS UNDER DOC. NO. 255 PAGE NO. 51 BOOK NO. III SERIES OF 2024 NOTARIZED DATE: SEPTEMBER 9, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 9, 16 & 23, 2024**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF GAUDIOSO A. ESQUIVEL

